Strengthened Senior High School

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

Gawaing Pampagkatuto sa Mabisang Komunikasyon

CORE SUBJECT



Gawaing Pampagkatuto sa Mabisang Komunikasyon

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng ***Strengthened Senior High School Curriculum***. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyales ang karapatang-aring iyon.

Bumuo sa Pagsusulat ng Banghay-Aralin

Manunulat: Lendie F. Gallego, Mark Anthony M. Artis, Mariane N. Villar, Gesselle S. Cambia, Rhia C. Arapan, Sigrid F. Tibordo, Arcris Jay L. Magpantay, Lorenz C. Almendras, Aldimaer B. Uy, Anna Lou G. Edillon, Willy P. Espartero, Alma R. Santiago, Niel Orven A. Talavera, at Hazel O. Malto

Tagasuri ng Nilalaman: Renato R. Santillan, Rowena T. Ulalan, Mary Jean P. Paller, Hilda Caasi-Dawayen, Winston N. Ros, Luvy John Abanto Flores, Maria Felomina M. Saludes, Liezl R. Borlasa, Clemence G. Andrade, Jesyl F. Avancena, at Phelma O. Camacho

Konsultant: **Theresa Madrid Rañeses**
Bicol University College of Education Integrated Laboratory School

Learning Area Specialist: **Jefferson V. Torres**
Senior Education Program Specialist
Bureau of Learning Delivery – Teaching and Learning Division

Bureau of Learning Delivery
Bureau of Curriculum Development
Bureau of Learning Resources

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa katanungan o puna, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

Sagutan ang form na ito **https://bit.ly/Feedback_LE_LAS_Core** kung mayroon kayong mungkahi o dagdag na tugon tungkol sa LAS. Gawing malinaw, tiyak, at may karagdagang detalye upang maging gabay ng National Technical Working Group (NTWG) sa pagrerebisa at pagpapaunlad ng nasabing materyal.

Talaan ng Nilalaman

Para sa Modelong Banghay-Aralin 1	**1**
Para sa Modelong Banghay-Aralin 2	**7**
Para sa Modelong Banghay-Aralin 3	**15**
Para sa Modelong Banghay-Aralin 4	**21**
Para sa Modelong Banghay-Aralin 5	**26**
Para sa Modelong Banghay-Aralin 6	**36**
Para sa Modelong Banghay-Aralin 7	**42**
Para sa Modelong Banghay-Aralin 8	**47**
Para sa Modelong Banghay-Aralin 9	**57**
Para sa Modelong Banghay-Aralin 10	**66**

GAWAING PAMPAGKATUTO

Larang ng Pagkatuto	Mabisang Komunikasyon		
Para sa Modelong Banghay-Aralin:	1	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pagtatanong/Pagmumungkahi		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 1: **Suri-Lektura**

II. Layunin: Sa gawaing ito, ikaw ay inaasahang:

a. makatutukoy ng mga pangunahing idea at sumusuportang detalye mula sa isang akademikong teksto o teknikal na video; at

b. makagagawa ng kritikal na pagsusuri (gaya ng pagtatala ng mga mahahalagang punto o pagbabalangkas) sa napanood o nabasang materyal bago bumuo ng tanong o mungkahi

III. Kagamitang kailangan: *Cellphone*, *Laptop*, o kompyuter, *Internet Connection: kung may kakayahan*, *Activity Sheet*, Papel, at Panulat

IV. Panuto: Panoorin ang *Talakayan | Paano Ituturo ang Panitikan sa Panahon ng Pansamantalang Pagtigil ng Pagkaklase?*. Maa-access ang sipi ng *video* sa pamamagitan ng link na ito: https://www.youtube.com/watch?v=mYZEIHnQizs&list=PL0mo6qeMm0p2ZDJJBDb8V5ZwbXxQvwjDv&index=1

Punan ang talahanayan ng pagsusuri. Pumili ng tatlong pangunahing tanong na narinig mula talakay. Itala ang mga naging mungkahi sa mga tanong na ito partikular ang pangunahin at mga sumusuportang detalye.

Tanong	**Mungkahi**	
	Pangunahing Detalye	**Mga Sumusuportang Detalye**
1.		
2.		
3.		

GAWAING PAMPAGKATUTO

Larang ng Pagkatuto	Mabisang Komunikasyon		
Para sa Modelong Banghay-Aralin:	1	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pagtatanong/Pagmumungkahi		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 2: **Ang Akademikong "Make over"**

II. Layunin: Sa gawaing ito, ikaw ay inaasahang, makapili ng mga angkop at pormal na salita (wikang akademiko) na gagamitin sa pagbabalangkas ng isang mungkahi o tanong

III. Kagamitang Kailangan: *Activity Sheet*, Panulat at Papel

IV. Panuto: Suriin ang mga pahayag sa unang kolum na nasa anyong kaswal, kolokyal o hindi naaangkop sa akademikong konteksto. Iwasto at isulat itong muli sa kabilang kolum gamit ang pormal na wikang akademiko.

Impormal/Kaswal na Pahayag	**Pormal at Akademikong Bersyon**
Mungkahi: Dapat palitan na natin 'yung rules sa attendance kasi parang ang higpit masyado, nakakainis.	
Tanong: Ano ba talaga ang mangyayari kapag hindi natapos 'tong project na 'to sa takdang oras?	
Mungkahi: Sana maglagay ng mas maraming basurahan sa school para hindi kung saan-saan tinatapon ang mga basura.	

GAWAING PAMPAGKATUTO

Larang ng Pagkatuto	Mabisang Komunikasyon		
Para sa Modelong Banghay-Aralin:	1	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pagtatanong/Pagmumungkahi		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 3: **2G (Grapikong Gabay)**

II. Layunin: Sa gawaing ito, ikaw ay inaasahang, makalikha ng isang simpleng *multimodal* na representasyon (hal. *infographic* o *flowchart*) na nagpapakita ng tamang hakbang sa pagtatanong at pagmumungkahi sa isang pormal na talakayan

III. Kagamitang Kailangan: *Cellphone*, *Laptop*, o kompyuter, *Internet Connection, Activity Sheet*, Papel, at Panulat

IV. Panuto: Magdisenyo ng isang dihital o iginuhit na *Infographic Poster*. Itatampok dito ang *Gabay sa Tamang Paglahok sa mga Akademikong Talakayan* na maaaring ipaskil sa silid-aralan o sa s*ocial media* page ng paaralan. Suriin ang sitwasyon at isaalang-alang ang mga dapat taglayin ng *infographic*.

Sitwasyon: Kayo ay bahagi ng *Student Council* o pamunuan ng klase. Inatasan kayong gumawa ng isang infographic na magtuturo sa inyong mga kaklase ng tamang kultura at pormal na hakbang sa pagtatanong at pagmumungkahi kapag may nagaganap na opisyal na pagpupulong (*Class Meeting*).

Mga Dapat Taglayin ng *Infographic*:

- Kaakit-akit na pamagat at angkop sa paksa.
- 3-5 Hakbang sa Pagtatanong
- 3-5 Hakbang sa Pagmumungkahi
- Paggamit ng mga simbolo, kulay, at arrow at iba pang elementong biswal upang madaling masundan ng mambabasa.

Gamiting gabay ang rubrik na ito:

Pamantayan	Napakahusay (4)	Mahusay (3)	Katamtaman (2)	Nangangailangan ng Pagpapabuti (1)	Puntos
Nilalaman at Kawastuhan	Kumpleto at wasto ang lahat ng impormasyon. Malinaw na naipakita ang 3–5 hakbang sa pagtatanong at 3–5 hakbang sa pagmumungkahi.	May kaunting kakulangan o di-gaanong malinaw na detalye ngunit tama ang karamihan ng impormasyon.	May ilang maling impormasyon o kulang sa mga kinakailangang hakbang.	Maraming mali o kulang na impormasyon; hindi natugunan ang mga kinakailangan.	4
Organisasyon at Kalinawan	Napakalinaw ng pagkakasunod-sunod ng mga ideya. Madaling sundan ang daloy ng impormasyon gamit ang mga	Maayos ang organisasyon at madaling sundan sa kabuuan.	May kaunting kalituhan sa pagkakaayos ng impormasyon.	Magulo ang presentasyon at mahirap sundan ang mga impormasyon.	4

	heading, arrow, o iba pang gabay.				
Disenyo at Kaangkupan ng mga Elementong Biswal	Napakahusay ang paggamit ng mga kulay, simbolo, larawan, at iba pang elementong biswal na nakatutulong sa pag-unawa ng mensahe.	Angkop at maayos ang paggamit ng mga elementong biswal.	May ilang elementong biswal ngunit hindi gaanong nakatutulong sa pagpapalinaw ng mensahe.	Kulang o hindi angkop ang mga elementong biswal.	4
Pagkamalikhain at Kaakit-akit na Presentasyon	Lubhang malikhain at kapansin-pansin ang disenyo; nakahihikayat basahin at unawain.	Malikhain at kaakit-akit ang kabuuang presentasyon.	May kaunting pagkamalikhain ngunit hindi gaanong kapansin-pansin.	Hindi malikhain at hindi nakahihikayat tingnan.	4
Paggamit ng Wika at Mekaniks	Wasto ang gramatika, baybay, bantas, at pormal na paggamit ng wika.	May iilang pagkakamali ngunit hindi nakaaapekto sa pag-unawa.	May ilang pagkakamali na bahagyang nakaaapekto sa kalinawan ng mensahe.	Maraming pagkakamali sa wika at mekaniks na nakahahadlang sa pag-unawa.	4

Pamagat ng Infographic Poster:

GAWAING PAMPAGKATUTO

Larang ng Pagkatuto	Mabisang Komunikasyon		
Para sa Modelong Banghay-Aralin:	1	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pagtatanong/Pagmumungkahi		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 4: **May Hugot ka ba?**

II. Layunin: Sa gawaing ito, ikaw ay inaasahang, maipaliwanag ang kahalagahan ng konteksto at layunin ng pagtatanong at pagmumungkahi bago sumabak sa isang akademikong diskusyon

III. Kagamitang Kailangan: *Activity Sheet*, Papel, at Panulat

IV. Panuto: Lumikha ng isang *Hugot Line* na nagbubuod ng kahalagahan ng pagtatamo ng kasanayan ng pagtatanong at pagmumungkahi.
Tingnan ito bilang isang halimbawa:

Huwag kang magmungkahi kung hindi mo pa alam ang buong kwento; magtanong ka muna para hindi ka magmukhang tsismoso.



GAWAING PAMPAGKATUTO

Larang ng Pagkatuto	Mabisang Komunikasyon		
Para sa Modelong Banghay-Aralin:	2	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pakikilahok sa mga nakaestrukturang talakayang pangklase o seminar		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 1: **Pagsusuri ng Panel Discussion**

II. Layunin: Sa gawaing ito, ikaw ay inaasahang:

a. makatukoy ng mga akademikong terminong ginamit sa isang *panel discussion*;
b. makasuri ng mga paraan ng pagtatanong ng *moderator* at ang mga estratehiyang ginamit ng mga tagapagsalita sa pagpapahayag ng kanilang pananaw; at
c. makapagpaliwanag ng kahalagahan ng maayos at epektibong pakikilahok sa akademikong talakayan

III. Kagamitang Kailangan: *cellphone* o *laptop*, *internet connection*, *graphic organizer*, *activity sheets* at panulat

IV. Panuto: Panoorin ang video ng panel discussion sa link na https://tinyurl.com/w83p9m34. Habang nanonood, bigyang-pansin ang mga akademikong terminong ginagamit, paraan ng pagtatanong ng moderator, at mga estratehiyang ginagamit ng mga tagapagsalita sa pagpapahayag ng kanilang mga idea. Pagkatapos mapanood ang video, punan ang graphic organizer sa ibaba batay sa iyong mga obserbasyon.

AKADEMIKONG TERMINONG GINAMIT	**PARAAN NG PAGTATANONG**	**ESTRATEHIYA NG TAGAPAGSALITA**

Matapos punan ang graphic organizer, sagutin ang sumusunod na katanungan:

1. Ano-ano ang mga akademikong salitang iyong natukoy?
   _____
   _____
2. Paano nagtatanong ang moderator o mga tagapagsalita?
   ☐ Bukas na tanong
   ☐ Saradong tanong
   ☐ Follow-up na tanong
   ☐ Iba pa: _____
3. Anong estratehiya ang karaniwang ginagamit ng mga panelist?
   ☐ Pagbibigay ng halimbawa
   ☐ Pagpapaliwanag ng ideya
   ☐ Paggamit ng datos o ebidensya
   ☐ Pagpapahayag ng opinyon
4. Ano ang iyong natutuhan tungkol sa maayos na talakayan?
   _____
   _____

GAWAING PAMPAGKATUTO

Larang ng Pagkatuto	Mabisang Komunikasyon		
Para sa Modelong Banghay-Aralin:	2	**Petsa**	
Nilalaman:	Pakikilahok sa mga nakaestrukturang talakayang pangklase o seminar		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 2: **Pagsusuri ng Transkripsyon**

II. Layunin: Sa gawaing ito, ikaw ay inaasahang:

a. makatukoy ng mga akademikong bokabularyo na ginamit sa isang akademikong talakayan;
b. makasuri ng paraan ng pagtatanong ng *moderator* at ang mga estratehiyang ginamit ng mga panelist sa pagpapahayag ng kanilang mga idea; at
c. makapagpaliwanag ng kahalagahan ng paggamit ng datos at ebidensiya sa pagpapalalim ng akademikong talakayan

III. Kagamitang Kailangan: kopya ng akademikong talakayan, *activity sheet* at panulat

IV. Panuto: Basahin nang mabuti ang sipi ng akademikong talakayan; Gawin ito nang pares upang mapadali ang pagsusuri at pagpapalitan ng idea. Habang binabasa ang transkripsyon, tukuyin ang mga akademikong salitang ginamit, ang paraan ng pagtatanong ng moderator, at ang mga estratehiyang ginamit ng mga panelist sa pagpapahayag ng kanilang mga pananaw. Bigyang-pansin din kung paano ginamit ang datos at impormasyon upang suportahan ang kanilang mga pahayag.

Sipi ng Akademikong Talakayan
Paksa: Mga Naganap na Lindol sa Pilipinas at Kahandaan ng Mamamayan

Moderator: Magandang araw sa lahat. Tatalakayin natin ngayon ang mga naganap na lindol sa bansa at ang kahalagahan ng kahandaan ng bawat mamamayan. Ano-anong mga lindol ang nagdulot ng malaking pinsala sa Pilipinas nitong mga nakaraang taon?

Panelist 1: Noong Oktubre 10, 2025, naganap ang magkakasunod na lindol sa Davao Oriental na may lakas na magnitude 7.4 at 6.7–6.8, na nagdulot ng malaking pinsala sa mga gusali at marami ang sugatan.

Panelist 2: Dagdag pa rito, noong Setyembre 30, 2025, isang Magnitude 6.9 na lindol ang tumama sa Cebu na nagresulta sa pagkamatay ng dose-dosenang tao at libo-libo ang naapektuhan.

Moderator: Paano naman ang mga naganap na lindol ngayong taon?
Panelist 3: Noong Hunyo 8, 2026, isang malakas na lindol na may lakas na Magnitude 7.8 ang tumama sa katimugang bahagi ng Mindanao, partikular sa mga lugar malapit sa Sarangani at General Santos City. Nagdulot ito ng malawakang pinsala sa mga tahanan at imprastraktura at nagresulta sa pagkasawi at pagkasugat ng maraming tao.

Moderator: Batay sa mga pangyayaring ito, paano ba nagaganap ang lindol?

Panelist 1: Ang lindol ay nagaganap dahil sa paggalaw ng tectonic plates sa ilalim ng lupa. Kapag nagkaroon ng matinding puwersa na biglang kumawala sa isang fault line, nagdudulot ito ng pagyanig na tinatawag na lindol.
Panelist 2: Dagdag pa rito, ang Pilipinas ay matatagpuan sa Pacific Ring of Fire kaya madalas itong makaranas ng seismic activity at iba't ibang uri ng lindol.
Moderator: Kung hindi natin ito maiiwasan, ano ang maaari nating gawin upang mabawasan ang epekto nito?
Panelist 3: Mahalagang magsagawa ng regular na earthquake drills at sundin ang mga hakbang tulad ng Duck, Cover, and Hold.
Panelist 1: Dapat ding tiyakin na ang mga gusali ay sumusunod sa safety standards upang maiwasan ang pagguho sa panahon ng lindol.
Panelist 2: Higit sa lahat, mahalaga ang kaalaman at kahandaan ng bawat mamamayan upang maging ligtas ang komunidad.
Moderator: Ano ang pinakamahalagang aral na dapat tandaan?
Panelist 3: Ang lindol ay hindi mapipigilan, ngunit sa pamamagitan ng sapat na kaalaman, paghahanda, at kooperasyon, maaari nating mabawasan ang pinsala nito sa ating buhay at kapaligiran.

Sagutin ang sumusunod na katanungan:
1. Ano-ano ang mga akademikong salitang ginamit sa talakayan?

_____
_____

2. Paano nagtatanong ng moderator o mga tagapagsalita?
☐ Bukas na tanong
☐ Saradong tanong
☐ Follow-up na tanong
Magbigay ng patunay:

_____
_____

3. Anong estratehiya ang ginamit ng mga panelist?
☐ Pagbibigay ng halimbawa
☐ Pagpapaliwanag ng konsepto
☐ Paggamit ng datos o ebidensiya
☐ Pagbibigay ng mungkahi o rekomendasyon
Magbigay ng patunay:

_____
_____

4. Paano nakatulong ang datos sa pagpapalalim ng talakayan?

_____
_____

5. Ano ang iyong natutuhan tungkol sa kahalagahan ng maayos na pakikilahok sa akademikong talakayan?

_____
_____

GAWAING PAMPAGKATUTO

Larang ng Pagkatuto	Mabisang Komunikasyon		
Para sa Modelong Banghay-Aralin:	2	**Petsa**	
Nilalaman:	Pakikilahok sa mga nakaestrukturang talakayang pangklase o seminar		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 3: **Uri ng Talakayan: Kailan, Saan at Sino**

II. Layunin: Sa gawaing ito, ikaw ay inaasahang:
   a. makatukoy ng iba't ibang uri ng talakayan batay sa kung kailan at saan ito maaaring gamitin, mga taong kasangkot at ang kanilang mga tungkulin;
   b. makahambing ng katangian at layunin ng bawat uri ng talakayan; at
   c. makapagpaliwanag ng kahalagahan ng wastong pagpili ng uri ng talakayan ayon sa sitwasyon at layunin ng komunikasyon

III. Kagamitang Kailangan: matrix ng uri ng talakayan, tala mula sa talakay ng guro, activity sheets at panulat

IV. Panuto: Punan ang talahanayan batay sa tinalakay at natutuhan sa klase.

Uri ng Talakayan	Kailan Ginagamit	Saan Ginagamit	Mga Taong Kasangkot	Tungkulin ng Bawat Isa
Pormal na Talakayan				
Panel Discussion				
Forum / Open Discussion				
Debate				
Roundtable Discussion				
Pulong-Bayan				
Forum				
Lektiyur				
Seminar				
Worksiyap				
Simposyum				
Kumperensiya				
Echo Discussion				
Asemblea				

Sagutin ang sumusunod na katanungan:

1. Bakit mahalagang piliin ang angkop na uri ng talakayan ayon sa layunin ng pagpupulong o usapan?

   _____
   _____
   _____

2. Paano mo magagamit ang kaalamang ito sa iyong pag-aaral at pang-araw-araw na pakikipagkomunikasyon?

   _____
   _____
   _____

GAWAING PAMPAGKATUTO

Larang ng Pagkatuto	Mabisang Komunikasyon		
Para sa Modelong Banghay-Aralin:	2	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pakikilahok sa mga nakaestrukturang talakayang pangklase o seminar		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 4: **My Seminar Checklist**

II. Layunin: Sa gawaing ito, ikaw ay inaasahang:

a. makatukoy ng mga kasanayang natutuhan mula sa talakayan tungkol sa pakikilahok sa seminar at iba pang talakayan;
b. makapagpaliwanag ng kahalagahan ng bawat kasanayan sa pamamagitan ng isang maikling pangungusap; at
c. makapagbahagi ng sariling pagninilay tungkol sa mga kasanayang makatutulong sa pakikilahok sa mga seminar at iba pang gawaing pang-akademiko

III. Kagamitang Kailangan: *My Seminar Checklist*, *activity sheet* at panulat

IV. Panuto: Basahing mabuti ang mga kasanayang nakalista sa ibaba. Lagyan ng tsek (✓) ang mga kasanayang iyong natutuhan mula sa naging talakayan. Sa bawat kasanayan, sumulat ng isang maikling pangungusap o paliwanag kung bakit ito mahalaga. Pagkatapos ng gawain, maging handa sa pagbabahagi ng iyong checklist sa klase.

Sa kabuoan bilang kalahok sa anumang talakayan, mahalaga ang mga kasanayang napili ko dahil...

_____

_____



GAWAING PAMPAGKATUTO


Larang ng Pagkatuto	Mabisang Komunikasyon		
Para sa Modelong Banghay-Aralin:	2	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pakikilahok sa mga nakaestrukturang talakayang pangklase o seminar		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 5: **My Strengths and Weaknesses Reflection Journal**

II. Layunin: Sa gawaing ito, ikaw ay inaasahang:
   a. makasuri ng mga kalakasan at kahinaan sa pakikilahok sa akademikong talakayan;
   b. makapahayag ng iyong sariling pagninilay tungkol sa kahalagahan ng mga kasanayan sa pakikipagtalastasan at maiugnay ito sa iyong paghahanda para sa kolehiyo, negosyo o trabaho; at
   c. makabuo ng konkretong plano upang higit pang mapaunlad ang kasanayan at aktibong pakikilahok sa talakayan

III. Kagamitang Kailangan: *activity sheet* at panulat

IV. Panuto: Magsagawa ng pagninilay sa sariling kakayahan sa pakikipagtalastasan. Bumuo ng *reflection* sa iyong mga karanasan, kalakasan, mga aspektong kailangan pang paunlarin at paano ito magagamit sa kolehiyo, trabaho o negosyo.



GAWAING PAMPAGKATUTO

Larang ng Pagkatuto	Mabisang Komunikasyon		
Para sa Modelong Banghay-Aralin:	**3**	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pakikipagkolaborasyon para sa mga pangkatang pagtatanghal o *workshop* na may *feedback*		
Pangalan:		**Baitang:**	**11**

I. Gawain Bilang 1: **BIDYO-LIMI**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang makapagsuri ng isang maikling video simulation ng isang worksiyap gamit ang tseklist.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

IV. Panuto: Panoorin ang video at lapatan ito ng pagsusuri gamit ang tseklist. Matapos ay sagutin ang prosesong tanong.



https://www.facebook.com/61556285414553/videos/a-sneak-peek-of-our-basic-filipino-sign-language-workshop-at-three-g-playhub-and/2186477878404459/

Tseklist ng Workshop

Pamantayan	**Oo**	**Hindi**
May tagapagsalita		
May tagapakinig		
May kagamitang biswal		
May paksang tinatalakay		
May koneksiyon sa pagitan ng tagapagsalita at tagapakinig		

Prosesong Tanong:

1. Ano ang nakitang kalakasan ng worksiyap?
   _____
   _____
   _____
2. Ano ang nakitang kahinaan nito?
   _____
   _____
   _____
3. Ano'ng angkop na tono ng pananalita ang dapat umiral sa tagapagsalita?
   _____
   _____
   _____
4. Ano naman ang angkop na tono ng pananalitang dapat umiral sa tagapakinig?
   _____
   _____
   _____

GAWAING PAMPAGKATUTO

Larang ng Pagkatuto	Mabisang Komunikasyon		
Para sa Modelong Banghay-Aralin:	**3**	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pakikipagkolaborasyon para sa mga pangkatang pagtatanghal o *workshop* na may *feedback*		
Pangalan:		**Baitang:**	**11**

I. Gawain Bilang 2: **WORKSHOPlano**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang makabuo ng plano para sa isang worksiyap sa gabay ng isang talahanayan.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

IV. Panuto: Bumuo ng plano para sa isang worksiyap tungkol ilang paksa gamit ang talahanayan.

Paksa	**Layunin**	**Target na Awdiyens**	**Tono**
1. Pagsulat ng mga akdang pampanitikan.			
2. Karapatan ng bawat bata.			
3. Batas pangkababaihan			
4. Magsasaka at kanilang mga karapatan			

GAWAING PAMPAGKATUTO


Larang ng Pagkatuto	Mabisang Komunikasyon		
Para sa Modelong Banghay-Aralin:	**3**	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pakikipagkolaborasyon para sa mga pangkatang pagtatanghal o *workshop* na may *feedback*		
Pangalan:		**Baitang:**	**11**

I. Gawain Bilang 3: **3-2-1 Repleksiyon**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang maibuod ang konsepto ng aralin gamit ang repleksiyon.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

IV. Panuto: Ibuod ang takeaways aralin gamit ang 3-2-1 tsart.



GAWAING PAMPAGKATUTO

Larang ng Pagkatuto	Mabisang Komunikasyon		
Para sa Modelong Banghay-Aralin:	**3**	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pakikipagkolaborasyon para sa mga pangkatang pagtatanghal o *workshop* na may *feedback*		
Pangalan:		**Baitang:**	**11**

I. Gawain Bilang 4: **Anong EsSAY mo?**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang makasulat ng tatlong talataang sanaysay na naglalahad ng kasanayan at maitutulong sayo ng aralin sa iyong hinahanarap na pagtahak sa alinman sa doorway exits ng SHS.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

IV. Panuto: Sumulat ng sanaysay na naglalahad ng palagay mong maaaring naitulong at kasanayang natamo mo sa araling ito sa pagtahak ng alinmang landas sa doorway exits ng SHS.



GAWAING PAMPAGKATUTO

Larang ng Pagkatuto	Mabisang Komunikasyon		
Para sa Modelong Banghay-Aralin:	**3**	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pakikipagkolaborasyon para sa mga pangkatang pagtatanghal o *workshop* na may *feedback*		
Pangalan:		**Baitang:**	**11**

I. Gawain Bilang 5: **Feedback sa Feedback**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang makaparebisa ng feedback tungo sa konstruktibong anyo.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

IV. Panuto: Rebisahin ang sumusunod na feedback sa katanggap-tanggap at konstruktibong paraan.

1. Mahina ang boses mo, hindi ko marinig ang presentasyon mo!
   _____
   _____

2. Masyadong maliit ang letters sa slide, hindi man lang mabasa sa likod, malabo ang mata ng iba.
   _____
   _____

3. Wala kayong pagkakaisa, hindi maganda ang dynamics ng grupo ninyo.
   _____
   _____

4. Marami kang unnecessary movements habang nagsasalita, nakaka-distract making sa'yo.
   _____
   _____

5. 'Yung ibang member, walang ginagawa, hindi nila deserve ng mataas na grades.
   _____
   _____

GAWAING PAMPAGKATUTO

Larang ng Pagkatuto	Mabisang Komunikasyon		
Para sa Modelong Banghay-Aralin:	**4**	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pagbuo ng kagamitang biswal katulad ng dayagram, tsa rt, at iba pa sa paglalahad ng kaalaman		
Pangalan:		**Baitang:**	**11**

I. Gawain Bilang 1: **TEKSURI**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang makapagpapamalas ng dating kaalaman sa kagamitang biswal sa pamamagitan ng pagsusuri.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

IV. Panuto: Basahin maikling teksto at sagutin ang mga tanong.

Paghahanda ng Emergency Go Bag

Kapag may banta ng lindol o iba pang kalamidad, mahalagang magkaroon ng Emergency Go Bag. Isa itong napapanahon at praktikal na kahandaan na maaaring magligtas sa atin sa mga hindi inaasahang sakuna. Narito ang mga hakbang na maaaring gawin upang sa sariling kaparaanan ay makapaghanda ng Go Bag: Una, maghanap ng matibay na bag o anumang sisidlang hindi madaling mabasa. Pagkatapos, ilagay dito ang mahahalagang gamit tulad ng inuming tubig, pagkaing hindi madaling masira, flashlight, ekstrang baterya, first aid kit, whistle, mga gamot, face mask, at mahahalagang dokumentong nakalagay sa waterproof envelope. Siguraduhing regular na suriin at palitan ang mga pagkaing malapit nang mapaso o paso na. Panghuli, ilagay ang Go Bag sa lugar na madaling makita at mabilis makuha kung kinakailangang lumikas**.**

Gabay na Tanong

1. Ano ang pangunahing paksa ng teksto?
   _____
   _____
   _____
2. Ano-ano ang mahahalagang hakbang na binanggit?
   _____
   _____
   _____
3. Sa iyong palagay, alin sa mga impormasyon ang dapat mauna at mahuli?
   _____
   _____
   _____

Ngayon naman suriin ang flowchart at sagutin ang mga tanong.

1. Ano ang napansin ninyong pagkakaiba sa teksto at flowchart?
   _____
   _____

2. Ano ang naidagdag ng flowchart na hindi agad napapansin sa tekstong binasa?

   _____
   _____

3. Aling presentasyon ang mas madaling sundan? Bakit?

   _____
   _____

4. Kailan mas angkop gamitin ang flowchart kaysa sa isang talata?

   _____
   _____

5. Paano nakatutulong ang flowchart?

   _____
   _____



GAWAING PAMPAGKATUTO

Larang ng Pagkatuto	Mabisang Komunikasyon		
Para sa Modelong Banghay-Aralin:	**4**	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pagbuo ng kagamitang biswal katulad ng dayagram, tsart, at iba pa sa paglalahad ng kaalaman		
Pangalan:		**Baitang:**	**11**

I. Gawain Bilang 2: **LAHAD DATOS**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang makapaghambing ng dalawang paraan ng paglalahad ng datos upang mataya ang higit na epektibong paraan.


III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

IV. Panuto: Suriin ang dalawang nakalahad na datos at sagutin ang mga tanong.

Talahanayan ng Resulta ng Survey

Paboritong Social Media ng mga Mag-aaral

Social Media	Bilang ng mga Mag-aaral
Facebook	20
TikTok	18
YouTube	15
Instagram	12
X (Twitter)	5



1. Ano ang ipinakikita ng talahanayan?
2. Ano ang ipinakikita ng bar graph?
3. Aling social media platform ang may pinakamaraming gumagamit?
4. Alin ang may pinakamababang bilang?
5. Ilang mag-aaral ang mas maraming gumagamit ng Facebook kaysa YouTube?
6. Aling presentasyon ang mas madaling unawain? Bakit?
7. Kung ikaw ay mag-uulat ng resulta ng survey sa harap ng klase, alin ang pipiliin mong gamitin—talahanayan o bar graph? Ipaliwanag ang iyong sagot.

GAWAING PAMPAGKATUTO

Larang ng Pagkatuto	Mabisang Komunikasyon		
Para sa Modelong Banghay-Aralin:	**4**	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pagbuo ng kagamitang biswal katulad ng dayagram, tsart, at iba pa sa paglalahad ng kaalaman		
Pangalan:		**Baitang:**	**11**

I. Gawain Bilang 3: **BISWAL BUOD**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang makabubuod ng konsepto ng aralin gamit ang angkop na kagamitang biswal.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

IV. Panuto: Gumawa ng buod ng aralin gamit ang alinmang angkop na kagamitang biswal.

GAWAING PAMPAGKATUTO


Larang ng Pagkatuto	Mabisang Komunikasyon		
Para sa Modelong Banghay-Aralin:	**5**	**Petsa:**	
Nilalaman/Sitwasyong Komunikatibo:	Paggawa ng mga akademikong lagom, abstrak, o reaksiyong papel		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 1: **CROSSWORD PUZZLE**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang makapagpamalas ng pamilyaridad sa mga akademikong lagom, abstrak, o reaksiyong papel

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

IV. Panuto: Sagutin ang mga tanong. Isulat ang mga sagot sa mga parisukat na nailaan sa bawat titik ng iyong kasagutan.



GAWAING PAMPAGKATUTO

Larang ng Pagkatuto	Mabisang Komunikasyon		
Para sa Modelong Banghay-Aralin:	**5**	**Petsa:**	
Nilalaman/Sitwasyong Komunikatibo:	Paggawa ng mga akademikong lagom, abstrak, o reaksiyong papel		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 2: **SULYAP-SURI**


II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang makabuo ng reaksiyong papel na nagpapakita ng kritikal na pag-unawa, personal na reaksiyon, at napatibay na paninindigan batay sa ebidensya.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

IV. Panuto: Panoorin ang short film na "Tingala sa Babâ". Pagkatapos mapanood ang pelikula, susuriin ang mga pangyayari, tauhan, mensahe, at mga isyung panlipunang ipinakita upang makabuo ng sariling pananaw at reaksiyon.



https://youtu.be/z-n2avzskkQ?si=8PYMM0A4fNHbHBEJ



GAWAING PAMPAGKATUTO

Larang ng Pagkatuto	Mabisang Komunikasyon		
Para sa Modelong Banghay-Aralin:	**5**	**Petsa:**	
Nilalaman/Sitwasyong Komunikatibo:	Paggawa ng mga akademikong lagom, abstrak, o reaksiyong papel		
Pangalan:		**Baitang:**	11


I. Gawain Bilang 3: **Tamang Timbang ng Reaksyon**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang:
- a. nakasusuri ng mga datos at impormasyon kaugnay ng suliraning pangkapaligiran;
- b. nakikilala ang pagkakaiba ng katotohanan (fact), opinyon, at paliwanag na nakabatay sa ebidensya;
- c. nakabubuo ng balanseng reaksiyon na nagpapakita ng kritikal na pag-unawa, personal na pananaw, at lohikal na pagpapaliwanag;
- d. nakapagpapahayag ng paninindigan hinggil sa mga isyung pangkapaligiran gamit ang mga datos bilang batayan.

III. Kagamitan:Papel, Panulat, Kopya ng sipi o datos na ibinigay ng guro at Learning Activity Sheet (LAS)

IV. Panuto: Para sa iyong gawain, bibigyan kita ng isang maikling sipi mula sa napanood na short film, binasang akda, o datos na may kaugnayan sa suliraning pangkapaligiran (hal. basura, pagbaha, climate change). Ang gagawin mo ay susuriin ito at bubuo ka ng isang mini reaction na may tamang balanse ng

Sipi:



Ayon sa ulat ng Barangay Masinop, umabot sa 1,500 kilo ng basura ang nakokolekta bawat linggo noong 2025, mas mataas kumpara sa 1,200 kilo noong nakaraang taon. Dahil sa pagdami ng basura at hindi wastong pagtatapon nito, madalas na nababarahan ang mga kanal na nagiging sanhi ng pagbaha tuwing malakas ang ulan. Maraming residente ang nagrereklamo dahil sa masamang amoy, pagdami ng lamok, at panganib sa kalusugan ng komunidad. Naniniwala ang mga opisyal ng barangay na kailangan ang mas mahigpit na pagpapatupad ng wastong pamamahala ng basura upang mabawasan ang suliraning ito.

1. Fact (Pangyayari) – Isang pangungusap na nagpapahayag o naglalarawan ng katotohanang makikita sa sipi o datos.
2. Opinyon – Isang pangungusap na nagpapahayag ng sariling pananaw o reaksiyon.

3. Paliwanag (Ebidensya/Dahilan) – Isang pangungusap na sumusuporta sa opinyon gamit ang lohikal na dahilan o epekto nito sa komunidad.

📍 Isulat mo ang ang sagot sa talahanayan sa ibaba:

Pangyayari	Opinyon	Paliwanag

Basahin at suriin mo ang datos na ibibigay ko tungkol sa:

Suliraning Pangkapaligiran	Taon 2024	Taon 2025
Dami ng nakolektang basura bawat linggo	1200 kilo	1,500 kilo
Bilang ng insidente ng pagbaha sa isang taon	5 beses	8 beses
Karaniwang temperatura tuwing tag-init	34°C	36°C
Bilang ng punong naitanim sa barangay	300 puno	200 puno

Sagutin ang katanungan.

1. Ano ang napapansin mong pagbabago sa mga datos?
2. Aling suliranin ang tila lumalala? Bakit?
3. Ano ang maaaring maging epekto nito sa komunidad?
4. Ano ang iyong reaksiyon tungkol sa sitwasyon?

📈 Dagdagan mo pa ang iyong pagiging mapanuri!

Tukuyin kung ang datos ay nagpapakita ng:

- △ Pagtaas (problema ba ay lumalala?)
- ▽ Pagbaba (may pagbuti ba?)
- ⚖ Walang pagbabago

Ipaliwanag sa pamamagitan ng talata kung bakit ito mahalaga sa pag-unawa sa suliraning pangkapaligiran.

Rubrik sa Pagpapaliwanag (5 Puntos)

Pamantayan	**5**	**4**	**3**	**2**	**1**
Nilalaman at Pag-unawa	Lubos na naipaliwanag ang kahalagahan ng pagsusuri sa datos at malinaw na naiuugnay sa suliraning pangkapaligiran.	Naipaliwanag ang kahalagahan at may kaugnayan sa suliraning pangkapaligiran.	Bahagyang naipaliwanag ang kahalagahan ngunit kulang ang detalye.	Hindi gaanong malinaw ang paliwanag at may kakulangan sa kaugnayan.	Hindi naipaliwanag ang kahalagahan o walang kaugnayan sa paksa.
Lohika at Organisasyon	Napakalinaw, maayos, at lohikal ang pagkakasunod-sunod ng ideya.	Malinaw at organisado ang mga ideya.	Katamtamang malinaw ang organisasyon ng ideya.	Magulo ang pagkakalahad ng mga ideya.	Walang malinaw na organisasyon ng ideya.
Paggamit ng Wika	Wasto ang gamit ng wika, gramatika, at baybay.	May iilang pagkakamali ngunit hindi nakaaapekto sa kahulugan.	May ilang pagkakamali na bahagyang nakaaapekto sa kahulugan.	Maraming pagkakamali na nakaaapekto sa pag-unawa.	Napakaraming pagkakamali na nagpapahirap sa pag-unawa.

GAWAING PAMPAGKATUTO

Larang ng Pagkatuto	Mabisang Komunikasyon		
Para sa Modelong Banghay-Aralin:	**5**	**Petsa:**	
Nilalaman/Sitwasyong Komunikatibo:	Paggawa ng mga akademikong lagom, abstrak, o reaksiyong papel		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 4: **Buuin Mo Ako**

II. Layunin:Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang:

a. nakikilala ang mahahalagang bahagi ng reaksiyong papel;
b. nakasusulat ng panimula, katawan, o wakas ng reaksiyong papel tungkol sa isang suliraning pangkapaligiran;
c. nakapagpapahayag ng opinyon, pagsusuri, at paninindigan gamit ang angkop na ebidensiya;
d. nakabubuo ng organisado at makabuluhang talata gamit ang pormal na wika.

III. Kagamitan: Papel, Panulat, Learning Activity Sheet (LAS)

IV. Panuto: Basahin at suriin ang sumusunod na datos tungkol sa suliraning pangkapaligiran sa isang barangay.

Suliranin	Taon 2024	Taon 2025
Dami ng basura bawat linggo	1,200 kilos	1,500 kilo
Bilang ng pagbaha sa isang taon	5 beses	8 beses
Karaniwang temperatura tuwing tag-init	34°C	36°C

Batay sa mga datos, pumili lamang ng ISA (1) sa sumusunod na bahagi ng reaksiyong papel at buuin ito sa loob ng 5–7 pangungusap.

A. PANIMULA- Ipakilala ang suliraning pangkapaligiran sa barangay at maglahad ng paunang reaksiyon batay sa sariling obserbasyon, karanasan, o datos na nasa talahanayan.

B. KATAWAN-Suriin ang mga sanhi at bunga ng suliraning pangkapaligiran. Maglahad ng opinyon na may sapat na paliwanag at ebidensiyang maaaring hango sa datos, karanasan, panayam, o pananaliksik.

C. WAKAS- Magmungkahi ng kongkreto, makatotohanan, at makakalikasang solusyon sa suliranin at magpahayag ng sariling paninindigan bilang responsableng kabataan at mamamayan.

GAWAING PAMPAGKATUTO

Larang ng Pagkatuto	Mabisang Komunikasyon		
Para sa Modelong Banghay-Aralin:	**5**	**Petsa:**	
Nilalaman/Sitwasyong Komunikatibo:	Paggawa ng mga akademikong lagom, abstrak, o reaksiyong papel		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 5: **Reaksyon ng Kalikasan**

II. Layunin:Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang:
   a. nasusuri ang isang suliraning pangkapaligiran batay sa larawan, datos, infographic, o balitang ipinakita;
   b. nakapagpapahayag ng sariling reaksiyon, opinyon, at paninindigan tungkol sa isyung pangkapaligiran;
   c. nakabubuo ng maikling reaksiyong papel na may wastong estruktura (panimula, katawan, at wakas);
   d. naipapaliwanag ang kahalagahan ng pakikilahok ng bawat mamamayan sa pangangalaga ng kapaligiran.

III. Kagamitang Kailangan- Learning Activity Sheet (LAS)

IV. Panuto: Basahin at suriin ang sumusunod na balita at datos tungkol sa isang suliraning pangkapaligiran.

Sitwasyon:

Ayon sa ulat ng Barangay Malinis, tumaas mula **1,200 kilo** noong 2024 tungo sa **1,500 kilo** noong 2025 ang dami ng basurang nakokolekta bawat linggo. Dahil dito, mas madalas na nababarahan ang mga kanal at lumalala ang pagbaha tuwing malakas ang ulan. Ayon sa mga residente, nagdudulot ito ng panganib sa kalusugan at pagkasira ng mga tahanan.

Sagutin ang mga tanong:

1. Ano ang suliraning pangkapaligiran na ipinakikita sa datos?
   _____
   _____
2. Ano ang iyong reaksiyon sa isyung ito?
   _____
   _____
3. Ano ang posibleng epekto nito sa tao, komunidad, at kalikasan?
   _____
   _____
4. Bilang mag-aaral, paano ka makatutulong sa pagtugon sa suliraning ito?
   _____
   _____
5. Bakit mahalagang magkaroon ng kamalayan at pakikilahok sa mga usaping pangkapaligiran?
   _____
   _____

GAWAING PAMPAGKATUTO

Larang ng Pagkatuto	Mabisang Komunikasyon		
Para sa Modelong Banghay-Aralin:	**5**	**Petsa:**	
Nilalaman/Sitwasyong Komunikatibo:	Paggawa ng mga akademikong lagom, abstrak, o reaksiyong papel		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang: 6: **PANININDIGAN KO PARA SA KALIKASAN**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang:
- a. nasusuri ang isyu ng pagbabago ng klima batay sa sariling karanasan, obserbasyon, at mga mapagkakatiwalaang impormasyon;
- b. nakabubuo ng isang bahagi ng reaksiyong papel (panimula, katawan, o wakas) na nagpapakita ng kritikal na pag-iisip at makatwirang pagsusuri;
- c. nakapagpapahayag ng opinyon, paninindigan, at mungkahi na may sapat na paliwanag at batayan; at
- d. naipapaliwanag ang papel ng kabataan sa pagtugon sa mga suliraning pangkapaligiran.

III. Kagamitang Kailangan: Learning Activity Sheet (LAS), Papel, Panulat, Notebook o journal, Mga sangguniang babasahin o datos tungkol sa pagbabago ng klima (kung kinakailangan)

IV. Panuto: Sundan ang nais ipagawa sa ibaba. Suriing mabuti ang larawan at pagkatapos ay isulat ang mga sagot sa patlang na inilaan.



https://m365.cloud.microsoft/chat/conversation/71ae3c3e-82fb-4d16-8293a83087df3d19?auth=2&origindomain=Office&from=NoAccountOnStart

Panuto:
- Pumili ng isang bahagi ng reaksiyong papel at bubuuin ito batay sa paksang:

“Pagbabago ng Klima at ang Aking Papel Bilang Kabataan”

☑ Panimula

Ipakilala ang isyu ng pagbabago ng klima at maglahad ng paunang reaksiyon batay sa sariling karanasan, obserbasyon, o nakalap na impormasyon.

☑ Katawan

Suriin ang mga epekto ng pagbabago ng klima sa tao, komunidad, at kapaligiran. Maglahad ng opinyon na may sapat na paliwanag at ebidensiya mula sa datos, karanasan, o iba pang mapagkakatiwalaang sanggunian.

☑ Wakas

Magmungkahi ng mga konkretong hakbang na maaaring gawin upang makatulong sa pangangalaga ng kalikasan at magpahayag ng sariling paninindigan bilang responsableng kabataan.

Estruktura ng Awtput

✓ Binubuo ng 3–5 pangungusap

✓ Gumagamit ng pormal at angkop na wika

✓ May malinaw at organisadong daloy ng ideya

✓ Nagpapakita ng kritikal na pag-iisip at pananagutan sa kapaligiran

Isulat ang iyong Sagot

GAWAING PAMPAGKATUTO

Larang ng Pagkatuto	Mabisang Komunikasyon		
Para sa Modelong Banghay-Aralin:	**6**	**Petsa:**	
Nilalaman/Sitwasyong Komunikatibo:	Pagsulat ng mga replektibong sanaysay, posisyong papel, o kritisismo		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 1: **PAMAGAT-TUKLAS: Ano ang Tinatago**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang natutukoy ang mga uri ng sulatin, inaasahang nilalaman, target na awdyens, at tono ng bawat pamagat ng akademikong sulatin. Naipaliliwanag mo rin ang iyong mga hula sa harap ng klase.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

IV. Panuto: Basahin at suriin ang bawat pamagat sa talahanayan, pagkatapos ay tukuyin ang uri ng sulatin, inaasahang nilalaman, target na awdyens, at tono ng bawat isa sa pamamagitan ng pagsulat ng iyong sagot sa kaukulang hanay, at pumili ng isang pamagat upang ipaliwanag ang iyong mga hula sa harap ng klase gamit ang mga gabay na tanong.



PAMAGAT	URI NG SULATIN	INAASAHANG NILALAMAN	TARGET NA AWDYNES
"Sa Gitna ng Unos: Mga Aral na Dala ng Pandemya"			
"Bakit Kailangan ng Mental Health Program sa Bawat Paaralan?"			
"Higit pa sa Libangan: Ang Nakatagong Mensahe ng mga Pelikulang Pilipino"			
"Mula sa Kwarto Hanggang sa Mundo: Ang Aking Pagkatuto sa Online Class"			
"Epekto ng Social Media sa Akademikong Pagganap: Isang Pagsusuri"			
"Buhay sa Likod ng Screen: Kwento ng Isang Mag-aaral sa New Normal"			
"Suliranin o Solusyon? Ang Tunay na Estado ng Edukasyon sa Pilipinas"			
"Likha at Lakas: Pagsipat sa mga Makabagong Pelikulang Pilipino"			
"Sa Ilalim ng Iisang Bubong: Ang Aking Pamilya at ang Pandemya"			
"Basura at Bayan: Ang Responsibilidad ng Bawat Pilipino sa Kalikasan"			

GAWAING PAMPAGKATUTO

Larang ng Pagkatuto	Mabisang Komunikasyon		
Para sa Modelong Banghay-Aralin:	**6**	**Petsa:**	
Nilalaman/Sitwasyong Komunikatibo:	Pagsulat ng mga replektibong sanaysay, posisyong papel, o kritisismo		
Pangalan:		**Baitang:**	11


I. Gawain Bilang 2: **BISWALITA: BOSES NG KABATAAN SA SULAT AT SINING**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang nakabubuo ng isang akademikong sulatin (200-300 salita) na maaaring replektibong sanaysay, posisyong papel, o kritisismo tungkol sa isang napapanahong isyung panlipunan, at makagawa ng *multimodal aid* tulad ng *infographic, slide presentation,* o *video* upang ipakita ang iyong mga idea nang malinaw at malikhain.

III. Kagamitang Kailangan: Papel, panulat at kagamitang dihital (kung kinakailangan para sa *multimodal aid*)

IV. Panuto: Pumili ng isang napapanahong isyung panlipunan at isang uri ng akademikong sulatin (replektibong sanaysay, posisyong papel, o kritisismo), gamitin ang mga gabay na tanong upang makabuo ng 200-300-salitang sulatin, at gumawa ng *multimodal aid (infographic, slide, o video)* na magpapakita ng iyong pangunahing mensahe.





GAWAING PAMPAGKATUTO

Larang ng Pagkatuto	Mabisang Komunikasyon		
Para sa Modelong Banghay-Aralin:	**6**	**Petsa:**	
Nilalaman/Sitwasyong Komunikatibo:	Pagsulat ng mga replektibong sanaysay, posisyong papel, o kritisismo		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 3: **SITWASYON-SULATIN: TUGMA ANG ANYO**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang natutukoy ang angkop na uri ng akademikong sulatin batay sa iba't ibang sitwasyon at naipaliliwanag ang iyong naging pagpili.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

IV. Panuto: Basahin at suriin ang bawat sitwasyon, pagkatapos ay tukuyin ang angkop na uri ng akademikong sulatin (replektibong sanaysay, posisyong papel, o kritisismo) at ipaliwanag ang iyong dahilan sa kaukulang hanay, at humanda sa pagbabahagi ng iyong mga sagot sa harap ng klase pagkatapos ng 10 minuto.

Bilang	Sitwasyon	Tamang Uri ng Sulatin	Dahilan
1	Nais mong ibahagi ang iyong karanasan sa unang araw ng klase at ang mga aral na iyong natutuhan mula rito.		
2	Nais mong ipaglaban ang kahalagahan ng *mental health* sa paaralan at kumbinsihin ang administrasyon na magpatupad ng mga programa tungkol dito.		
3	Nais mong sumulat ng rebyu ng isang pelikulang napanood mo upang magbigay ng balanseng pagpuna sa mga lakas at kahinaan nito.		
4	Nais mong kumbinsihin ang iyong mga kaklase na mag-recycle at magkaroon ng wastong pamamahala ng basura sa paaralan.		
5	Nais mong suriin ang isang nobelang iyong nabasa at magbigay ng balanseng pagpuna sa mga tema, tauhan, at istilo ng pagkakasulat nito.		
6	Nais mong ibahagi ang iyong personal na karanasan sa pandemya at ang mga pagbabagong naganap sa iyong buhay.		
7	Nais mong ipaglaban ang kahalagahan ng Wikang Filipino sa makabagong panahon at kumbinsihin ang mga mambabatas na suportahan ang mga programang pangwika.		
8	Nais mong suriin ang isang makabagong pelikulang Pilipino at magbigay ng balanseng pagpuna sa direksyon, acting, at screenplay nito.		
9	Nais mong ibahagi ang iyong paglalakbay sa pagkatuto at ang mga pagsubok na iyong nalampasan sa Senior High School.		
10	Nais mong kumbinsihin ang iyong mga magulang na suportahan ang iyong desisyon sa pagpili ng kurso sa kolehiyo.		

GAWAING PAMPAGKATUTO

Larang ng Pagkatuto	Mabisang Komunikasyon		
Para sa Modelong Banghay-Aralin:	**6**	**Petsa:**	
Nilalaman/Sitwasyong Komunikatibo:	Pagsulat ng mga replektibong sanaysay, posisyong papel, o kritisismo		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 4: **TATLONG YAMAN NG ARALIN**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang nakapagninilay at nakapagbabahagi ng tatlong mahahalagang konsepto, kasanayan, o aral na iyong natutuhan mula sa aralin sa pamamagitan ng "lakad-bahagi" at pagbabahagi sa harap ng klase.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

IV. Panuto: Isulat sa iyong papel ang tatlong mahahalagang konsepto, kasanayan, o aral na iyong natutuhan mula sa aralin, pagkatapos ay lumahok sa "lakad-bahagi" upang makipagpalitan ng sagot sa iyong mga kamag-aral, at maging handa na ibahagi ang iyong mga natutuhan sa buong klase.



GAWAING PAMPAGKATUTO

Larang ng Pagkatuto	Mabisang Komunikasyon		
Para sa Modelong Banghay-Aralin:	**6**	**Petsa:**	
Nilalaman/Sitwasyong Komunikatibo:	Pagsulat ng mga replektibong sanaysay, posisyong papel, o kritisismo		
Pangalan:		**Baitang:**	11


I. Gawain Bilang 5: **PORMAL O IMPORMAL: TUKOY ANG TONO**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang natutukoy ang pagkakaiba ng pormal at impormal na tono sa mga pangungusap at makagagawa ng sariling pormal na bersyon ng mga impormal na pahayag gamit ang angkop na bokabularyo at akademikong istilo.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

IV. Panuto: Suriin ang bawat pares ng pangungusap, tukuyin kung alin ang pormal at impormal, isulat ang iyong sariling pormal na bersyon ng impormal na pahayag, at ipaliwanag ang iyong dahilan sa kaukulang hanay.

PANGUNGUSAP 1	⟷	PANGUNGUSAP 2
"Mahalagang malinang ang kakayahang gamitin ang AI nang may pananagutan at etika."	⟷	"Dapat matuto tayong gumamit ng AI nang tama."
"Ang daming nagbabago sa pag-aaral dahil sa AI."	⟷	"Malaki ang epekto ng Artificial Intelligence sa kasalukuyang sistema ng edukasyon."
"Ang daming basura sa ating kapaligiran."	⟷	"Ang lumalalang suliranin sa basura ay nangangailangan ng agarang aksyon mula sa pamayanan."
"Ang pagtatakda ng limitasyon sa oras ng paggamit ng social media ay lubhang mahalaga."	⟷	"Dapat bawasan ang oras ng paggamit ng social media."
"Ang pagpapatupad ng mental health programs sa mga paaralan ay isang mahalagang hakbang."	⟷	"Dapat magkaroon ng mental health programs ang mga schools."



GAWAING PAMPAGKATUTO

Larang ng Pagkatuto	Mabisang Komunikasyon		
Para sa Modelong Banghay-Aralin:	**7**	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pagbuo ng teksto gamit ng podcasts, infographics, o digital newsletters		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 1: **TechTALK**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang natutukoy ang mahahalagang impormasyong nakapaloob sa mga multimodal na anyo tulad ng tsart, talahanayan, grap, at *infographic* na maaaring gamitin sa pagbuo ng *podcast, infographic, o digital newsletter.*

III. Kagamitang Kailangan: larawan, papel at panulat

IV. Panuto: Tukuyin kung anong digital na kagamitan ang kinakatawan ng bawat *emoji* na nasa ibaba at isulat sa papel kung kailan niyo huling nakita o ginamit ang mga ito.

1. 

2. 

3. 

Pamprosesong Tanong:

1. Paano nakatutulong ang mga *emoj*i sa mabilis na pagtukoy sa mga digital na kagamitang ginagamit ninyo sa araw-araw?

_____

_____

2. Sa anong mga gawain o sitwasyon ninyo karaniwang ginagamit ang mikropono, tsart, at email, at bakit mahalaga ang mga ito?

_____

_____

3. Paano nakatutulong ang wastong paggamit ng mga digital na kagamitang ito sa mas epektibong pakikipagkomunikasyon at pagkuha ng impormasyon?

_____

_____

GAWAING PAMPAGKATUTO

Larang ng Pagkatuto	Mabisang Komunikasyon		
Para sa Modelong Banghay-Aralin:	**7**	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pagbuo ng teksto gamit ng podcasts, infographics, o digital newsletters		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 2: **Tagpong-Teksto**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang natutukoy ang mahahalagang impormasyong nakapaloob sa mga multimodal na anyo tulad ng tsart, talahanayan, grap, at *infographic* na maaaring gamitin sa pagbuo ng podcast, infographic, o digital newsletter.

III. Kagamitang Kailangan: larawan, papel at panulat

IV. Panuto: Gamit ang **Google Drawings o isang malinis na papel**, gumawa ng isang **Venn Diagram** na nagpapakita ng **pagkakatulad at pagkakaiba** ng *podcast, infographic, at newsletter* batay sa mga halimbawang nasa ibaba.

Infographics



Digital Newsletter



Podcast



https://www.youtube.com/watch?v=GCQEF5rukbc&t=226s

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang mga pagkakatulad at pagkakaiba ng podcast, infographic, at newsletter batay sa inyong pagsusuri?
2. Alin sa tatlong uri ng midya ang pinakamadaling maunawaan para sa inyo at bakit?
3. Paano nakatutulong ang bawat isa (*podcast, infographic, at newsletter*) sa pagbibigay ng impormasyon sa mga mag-aaral?

GAWAING PAMPAGKATUTO

Larang ng Pagkatuto	Mabisang Komunikasyon		
Para sa Modelong Banghay-Aralin:	**7**	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pagbuo ng teksto gamit ng *podcasts, infographics, o digital newsletters*		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 3: **Eco-Likha**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang nakabubuo ng isang *podcast, infographics, o digital newsletters* na nagpapakita ng malinaw, organisado, at mabisang paglalahad ng impormasyon batay sa mga nakalap na datos.

III. Kagamitang Kailangan: larawan, papel at panulat

IV. Panuto: Bumuo ng isang **podcast, newsletter, o infographic** gamit ang artikulong tumatalakay sa mga **isyung pangkalikasan at pagbabago ng klima**. Tiyaking malinaw, wasto, at organisado ang paglalahad ng mga impormasyon mula sa artikulo



Artikulo

Ang Pilipinas ay isa sa mga bansang **pinakaapektado ng climate change** dahil sa lokasyon nito sa Pacific typhoon belt. Ayon sa OECD Economic Surveys, ang bansa ay tinatamaan ng humigit-kumulang **20 bagyo bawat taon**, at nasa **8–9 dito ang direktang tumatama sa lupa**, na nagdudulot ng malawakang pinsala sa kabahayan, agrikultura, at imprastraktura.

Isa sa mga pinakamalaking epekto ng pagbabago ng klima ay ang **paglala ng mga bagyo at pagbaha**. Ipinapakita ng mga pag-aaral na ang pag-init ng karagatan ay nagpapalakas ng mga tropical cyclone, kaya nagiging mas malakas at mas mapaminsala ang mga ito. Sa ilang insidente noong 2024, may mga sunod-sunod na bagyo sa loob lamang ng ilang linggo na nakaapekto sa **mahigit 13 milyong katao** sa Pilipinas.

Bukod dito, ayon sa Philippine Statistics Authority, umabot sa **₱457.41 bilyon ang ginastos ng pamahalaan noong 2024** para sa climate change programs tulad ng flood control, disaster preparedness, at water management.

Ipinapakita rin ng datos na **96.6% ng pondo ay nakalaan sa adaptation projects**, ibig sabihin mas nakatuon ang bansa sa pag-angkop sa epekto ng *climate change* kaysa sa pagbabawas ng sanhi nito tulad ng *greenhouse gas emissions*.

Sa kabuuan, ang mga isyung pangkapaligiran tulad ng polusyon, *deforestation*, at maling pamamahala ng likas-yaman ay lalo pang nagpapalala sa epekto ng *climate change*. Kaya mahalaga ang pagtutulungan ng pamahalaan, paaralan, at mamamayan upang maprotektahan ang kalikasan at mabawasan ang panganib ng mga sakuna.

Sanggunian

- OECD (2026), *Confronting Climate Change: Philippines Economic Survey*
- Philippine Statistics Authority (2025), *Government Climate Change Expenditures 2024*
- World Weather Attribution / climate studies on typhoon intensification (2024 reports)
- Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration (PAGASA) related climate data

GAWAING PAMPAGKATUTO

Larang ng Pagkatuto	Mabisang Komunikasyon		
Para sa Modelong Banghay-Aralin:	**7**	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pagbuo ng teksto gamit ng podcasts, infographics, o digital newsletters		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 4: **Tuklas- Karanasan**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang nakasusuri ng sariling pakikilahok at pagganap sa proseso ng pagbuo ng *podcast, infographic, o digital newsletter* sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga kalakasan at mga aspektong nangangailangan pa ng paglinang upang mapaunlad ang sariling kakayahan at maisulong ang panghabambuhay na pagkatuto..

III. Kagamitang Kailangan: larawan, papel at panulat

IV. Panuto: Magbigay kayo ng sariling pagninilay tungkol sa inyong karanasan at natutunan sa pagbuo ng **podcast, digital newsletter, at infographics**. Maging tapat sa iyong sagot at ipakita ang iyong pag-unawa batay sa sariling karanasan sa gawain.



GAWAING PAMPAGKATUTO

Larang ng Pagkatuto	Mabisang Komunikasyon		
Para sa Modelong Banghay-Aralin:	**8**	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pakikilahok sa mga debateng akademiko o talakayang panel		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 1:**Hagdan ng Tagumpay sa Debate**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang nakapagpapaliwanag ng papel ng awdyens, layon, at konteksto sa komunikasyon

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

IV. Panuto: Suriin ang hagdan ng tagumpay sa ibaba. Alamin kung saang baitang mo makikita ang iyong sarili sa ngayon? Ipaliwanag ang sagot at magbigay ng repleksiyon sa sarili kung bakit mahalagang maabot ang nasa baytang 5.



Repleksiyon:_____
_____
_____
_____

GAWAING PAMPAGKATUTO

Larang ng Pagkatuto	Mabisang Komunikasyon		
Para sa Modelong Banghay-Aralin:	**8**	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pakikilahok sa mga debateng akademiko o talakayang panel		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 2: **Suriin ang Bilang, Unawain ang Paninindigan!**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang nakatutukoy ng mga katangian ng akademikong debate o talakayang panel

III. Kagamitang Kailangan: Bond paper, panulat at pangkulay.

IV. Panuto: Suriin ang mga kalakip na datos at tukuyin ang katangian ng akademikong debate, ang papel ng awdyens, layon at konteksto, ang mga argumento at paraan ng pagpapahayag. Sagutan ang mga tanong na makikita sa ibaba. Isulat ang sagot sa patlang.

MGA KALAKIP NA DATOS

Paksa: *Dapat bang limitahan sa dalawang oras bawat araw ang paggamit ng social media ng mga mag-aaral?*

Tugon ng mga Mag-aaral	Bilang
Sang-ayon	30
Hindi Sang-ayon	15
Hindi Tiyak	5

Maikling halimbawa ng argumento:

Panig Sang-ayon:
"Naniniwala kami na dapat limitahan ang paggamit ng social media upang magkaroon ng sapat na oras ang mga mag-aaral sa pag-aaral at pahinga."

Panig Hindi Sang-ayon:
"Hindi kami sumasang-ayon sapagkat ang social media ay mahalagang kasangkapan sa pag-aaral at pakikipagkomunikasyon."

1. Tukuyin ang katangian ng debate na makikita sa halimbawa.

_____

_____

2. Sino ang awdyens?

_____

_____

3. Ano ang layon ng nagsasalita?

_____

_____

4. Angkop ba ang wika at tono?

_____

_____

5. Alin sa dalawang argumento ang mas lohikal? Bakit?

_____

_____

GAWAING PAMPAGKATUTO

Larang ng Pagkatuto	Mabisang Komunikasyon		
Para sa Modelong Banghay-Aralin:	**8**	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pakikilahok sa mga debateng akademiko o talakayang panel		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 3: **Debate Decoder: Tuklasin ang Mensahe!**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang nakapagpapaliwanag ng papel ng awdyens, layon, at konteksto sa komunikasyon

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

IV. Panuto: Masusing suriin ang ipinakitang *infographics* at sagutan ang mga tanong sa pamamagitan ng pagsulat ng sagot sa *Debate Decoder.*



Tanong:

1. Ano ang paksa ng debate?
2. Ano ang datos o estadistikang ginamit?
3. Ano ang panig na sumasang-ayon at panig na hindi sumasang-ayon?
4. Sino ang inaasahang awdyens?
5. Ano ang layunin ng komunikasyon?



GAWAING PAMPAGKATUTO

Larang ng Pagkatuto	Mabisang Komunikasyon		
Para sa Modelong Banghay-Aralin:	8	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pakikilahok sa mga debateng akademiko o talakayang panel		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 4: **Ako ang Panelista!**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang nakagagamit ng angkop na wika at tono sa akademikong talakayan.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

IV. Panuto: Suriing mabuti ang nakalahad na sitwasyon. Gumawa ng isang iskrip na gagamitin sa pagsasagawa ng talakayang panel upang maipahayag ang iyong pananaw at posisyon ukol sa paksa. Gamiting gabay ang mga kasunod na katanungan. Tiyaking malinaw ang pangunahing argumento, may sapat na ebidensiyang sumusuporta rito, at angkop ang wika pati tono sa target na awdyens. Isulat ang binuong iskrip sa isang malinis na papel.

*Sa inyong paaralan, napansin mo na patuloy ang pagdami ng basurang plastik at lumalala ang epekto ng matinding init ng panahon dahil sa kakulangan ng mga puno sa kapaligiran. Bilang tugon, iminungkahi ng School Supreme Leader Government (SSLG) at ng lokal na pamahalaan ang pagpapatupad ng "**Plastic-Free School Policy**" at **sapilitang pagtatanim ng puno ng bawat mag-aaral taon-taon.***

Mga Tanong:

1. Ano ang iyong paninindigan?
   _____
   _____
2. Ano ang iyong pangunahing argumento?
   _____
   _____
3. Ano ang iyong ebidensiya?
   _____
   _____
4. Paano mo ito ihaharap sa punongguro? Guro? Kapwa mag-aaral?
   _____
   _____

GAWAING PAMPAGKATUTO

Larang ng Pagkatuto	Mabisang Komunikasyon		
Para sa Modelong Banghay-Aralin:	**8**	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pakikilahok sa mga debateng akademiko o talakayang panel		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 5: **Mapa ng Karunungan: Buoin ang Larawan ng Debate**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang nakapagpapaliwanag ng papel ng awdyens, layon, at konteksto sa komunikasyon.

III. Kagamitang Kailangan: Bond paper, mga kagamitang pangkulay

IV. Panuto: Gumawa ng *concept map* na nagpapaliwanag ng kabuoang konsepto ng akademikong debate gamit ang mga salitang makikita sa kahon. Ipaliwanag din ang kaugnayan ng bawat isa. Gumamit ng mga simbolo, kulay, o larawan.



GAWAING PAMPAGKATUTO

Larang ng Pagkatuto	Mabisang Komunikasyon		
Para sa Modelong Banghay-Aralin:	**8**	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pakikilahok sa mga debateng akademiko o talakayang panel		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 6: **Debate sa Tahanan: Pamilyang May Paninindigan**

II. Mga Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang nakagagamit ng angkop na wika at tono sa akademikong talakayan at nasusuri ang mga argumento at paraan ng pagpapahayag sa debate.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

IV. Panuto: Magsagawa ng isang ***mini family debate*** **sa bahay.** Pumili ng isang paksa na siyang gagamitin sa debate. Makipag-usap sa 2-3 miyembro ng iyong pamilya upang maisagawa ito. Itala ang dalawang panig ng argumento at tukuyin ang awdyens, layon, at konteksto ng debate. Mula sa gawaing ito, maghanda ng *Debate Reflection Sheet o Debate Report na naglalaman ng* petsa ng pagsasagawa, pamagat ng paksa, mga kalahok sa debate at mga larawang nagpapatunay sa pagsasagawa ng gawain.

Mga Pagpipiliang Paksa:

- Dapat bang gawing obligasyon ng bawat pamilya ang paghihiwalay ng basura *(waste segregation*)?
- Dapat bang limitahan ang paggamit ng cellphone sa loob ng bahay?
- Dapat bang magkaroon ng curfew ang kabataan?

Pamantayan sa Pagmamarka

Pamantayan	Napakahusay (4)	Mahusay (3)	Katamtaman (2)	Nangangailangan ng Pagsasanay (1)
Nilalaman ng Debate	Kumpleto at malinaw na naitala ang paksa, dalawang panig, at mahahalagang argumento.	Naipakita ang karamihan sa mga kinakailangang detalye ngunit may bahagyang kakulangan.	May ilang bahagi ng talaan na kulang o hindi malinaw.	Maraming bahagi ang hindi nasagutan o hindi maayos ang pagkakalahad.
Pagkilala sa Awdyens, Layon, at Konteksto	Wasto at malinaw na naipaliwanag ang awdyens, layon, at konteksto ng debate.	Natukoy ang mga ito ngunit may ilang kakulangan sa pagpapaliwanag.	Bahagyang natukoy ang awdyens, layon, at konteksto.	Hindi malinaw o hindi natukoy ang mga ito.
Pagninilay (Reflection)	Malalim, makabuluhan, at nagpapakita ng malinaw na pagkatuto at pagpapahalaga sa iba't ibang pananaw.	Maayos ang pagninilay at nagpapakita ng pag-unawa sa naging karanasan.	May simpleng pagninilay ngunit limitado ang pagpapahayag ng natutuhan.	Hindi malinaw o kulang ang pagninilay.
Kaayusan at Pagkumpleto ng Gawain	Kumpleto, organisado, at malinis ang pagkakalahad ng Reflection Sheet.	Halos kumpleto at maayos ang pagkakalahad.	May ilang bahagi na kulang o hindi organisado.	Hindi kumpleto at hindi maayos ang presentasyon ng gawain.

GAWAING PAMPAGKATUTO

Larang ng Pagkatuto	Mabisang Komunikasyon		
Para sa Modelong Banghay-Aralin:	8	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pakikilahok sa mga debateng akademiko o talakayang panel		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 7: **Ako ang Debatista Vlogger**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang nakasusuri ng mga argumento at paraan ng pagpapahayag sa debate o talakayang panel.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

IV. Panuto: Bumuo ng isang lohikal na argumento gamit ang digital platform. Maaaring gamitin ang sumusunod : *Video (TikTok-style 1–2 minutes)* , *Facebook Reel simulation o Recorded voice + slides* ukol sa isyung ito**.** Dapat bang limitahan ang paggamit ng Artificial Intelligence dahil sa mataas nitong konsumo ng enerhiya at epekto sa Climate Change?

Gawing batayan ang rubrik na ito.

Pamantayan	Napakahusay (4)	Mahusay (3)	Katamtaman (2)	Nangangailangan ng Pagsasanay (1)
Lohikal na Argumento at Paninindigan	Napakalinaw ng paninindigan at may matibay, lohikal, at kapani-paniwalang mga argumento na sumusuporta rito.	Malinaw ang paninindigan at may mga argumentong may kaugnayan sa paksa.	Naipahayag ang paninindigan ngunit kulang sa lohikal na pagpapaliwanag o ebidensiya.	Hindi malinaw ang paninindigan at kulang ang mga argumentong inilahad.
Nilalaman at Pagpapahayag	Maayos, organisado, at madaling maunawaan ang pagpapaliwanag; mahusay ang paggamit ng wika at tono.	Malinaw ang pagpapahayag at organisado ang nilalaman sa kabuuan.	May ilang bahagi na hindi malinaw o hindi maayos ang pagkakasunod-sunod ng ideya.	Magulo ang pagpapahayag at mahirap unawain ang mensahe.
Pagkamalikhain at Paggamit ng Digital Platform	Napakahusay ang paggamit ng napiling digital platform; malikhain, kawili-wili, at nakahihikayat ang presentasyon.	Maayos at angkop ang paggamit ng digital platform na nagpapakita ng pagkamalikhain.	Katamtaman ang pagkamalikhain at limitado ang paggamit ng mga digital na elemento.	Hindi gaanong nagamit nang epektibo ang digital platform at kulang sa pagkamalikhain.
Kaayusan at Pagsunod sa Panuto	Kumpleto ang lahat ng hinihingi at malinaw na nasunod ang itinakdang haba at format ng output.	Halos kumpleto at nasunod ang karamihan sa mga panuto.	May ilang kakulangan sa mga hinihinging bahagi o hindi ganap na nasunod ang panuto.	Hindi kumpleto at maraming bahagi ng panuto ang hindi nasunod.

GAWAING PAMPAGKATUTO


Larang ng Pagkatuto	Mabisang Komunikasyon		
Para sa Modelong Banghay-Aralin:	**9**	**Petsa:**	
Nilalaman:	Paglalahad ng mga resulta ng saliksik o imbestigatibong ulat sa pulong o kumperensiya gamit ang mga multimodal na presentasyon at angkop na akademikong wika.		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 1: **Basa-Datos!**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang nakasusuri ng kaugnayan ng mga datos sa mensaheng nais ipabatid ng saliksik o imbestigatibong ulat.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

IV. Panuto: Suriin ang sumusunod na talahanayan na nagpapakita ng mga pangunahing sanhi ng *stress* ng mga mag-aaral sa Senior High School. Pagkatapos, sagutin ang mga tanong na kasunod nito.



Suriin ang Datos

1. Ano ang pangunahing sanhi ng stress ng mga mag-aaral?

   _____

   _____

   _____

2. Ilang porsiyento ng mga mag-aaral ang nagsabing kakulangan sa tulog ang sanhi ng kanilang stress?

   _____

   _____

   _____

3. Ano ang may pinakamababang porsiyento ng stress ng mga mag-aaral?

_____

_____

_____

_____

4. Ano ang ipinahihiwatig ng mga datos tungkol sa mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral?

_____

_____

_____

_____

5. Bakit mahalagang maunawaan ang mga datos bago magbigay ng paliwanag o mungkahi?

_____

_____

_____

_____

Hamon sa Pag-iisip

Kung ikaw ay maglalahad ng mga datos na ito sa harap ng iyong mga kamag-aral, anong uri ng biswal na pantulong ang iyong gagamitin? Bakit?

_____

_____

_____

_____

GAWAING PAMPAGKATUTO

Larang ng Pagkatuto	Mabisang Komunikasyon		
Para sa Modelong Banghay-Aralin:	**9**	**Petsa:**	
Nilalaman:	Paglalahad ng mga resulta ng saliksik o imbestigatibong ulat sa pulong o kumperensiya gamit ang mga multimodal na presentasyon at angkop na akademikong wika.		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 2: **Himayin ang Presentasyon!**
II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang nakapaglalahad ng mga resulta ng saliksik o imbestigatibong ulat nang malinaw at sistematiko sa isang pulong o kumperensiya.
III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat
IV. Panuto: Basahin ang sumusunod na sipi mula sa isang presentasyon ng mga resulta ng pananaliksik. Pagkatapos, sagutan ang mga gawaing kasunod nito.

Sipi mula sa Presentasyon

"Batay sa isinagawang sarbey, 60% ng mga mag-aaral ang nagsabing mahigit tatlong oras silang gumagamit ng social media araw-araw. Ipinakikita ng datos na malaki ang bahagdan ng mga mag-aaral na naglalaan ng maraming oras sa paggamit ng social media. Samakatwid, mahalagang magkaroon ng wastong pamamahala sa oras upang hindi ito makaapekto sa kanilang pag-aaral. Iminumungkahi rin na magsagawa ng mga seminar ukol sa responsableng paggamit ng social media."

I. Kilalanin Mo!
Panuto: Tukuyin kung anong bahagi ng presentasyon ang inilalarawan ng bawat pahayag. Isulat ang titik ng tamang sagot.

A. Paglalahad ng Datos **C. Kongklusyon**
B. Interpretasyon ng Resulta **D. Rekomendasyon**

_____ 1. "60% ng mga mag-aaral ang nagsabing mahigit tatlong oras silang gumagamit ng social media araw-araw."
_____ 2. "Ipinakikita ng datos na malaki ang bahagdan ng mga mag-aaral na naglalaan ng maraming oras sa paggamit ng social media."
_____ 3. "Samakatwid, mahalagang magkaroon ng wastong pamamahala sa oras upang hindi ito makaapekto sa kanilang pag-aaral."
_____ 4. "Iminumungkahi rin na magsagawa ng mga seminar ukol sa responsableng paggamit ng social media."

II. Suriin Mo!
Panuto:Sagutin ang sumusunod na mga tanong.

1. Bakit mahalagang magkaroon ng interpretasyon pagkatapos ilahad ang mga datos?
2. Ano ang maaaring mangyari kung puro datos lamang ang inilalahad at walang paliwanag?
3. Paano nakatutulong ang pagbibigay ng rekomendasyon sa isang presentasyon ng resulta ng saliksik?

III. Isipin Mo!

Kung ikaw ang maglalahad ng resulta ng isang pananaliksik, alin sa apat na bahagi (paglalahad ng datos, interpretasyon, kongklusyon, o rekomendasyon) ang sa palagay mo ay pinakamahalaga? Ipaliwanag ang iyong sagot.

_____

_____

_____

_____

GAWAING PAMPAGKATUTO

Larang ng Pagkatuto	Mabisang Komunikasyon		
Para sa Modelong Banghay-Aralin:	**9**	**Petsa:**	
Nilalaman:	Paglalahad ng mga resulta ng saliksik o imbestigatibong ulat sa pulong o kumperensiya gamit ang mga multimodal na presentasyon at angkop na akademikong wika.		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 3: **Bumuo Tayo ng Presentasyon!**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang nakasasaayos ng mga datos at impormasyong nakalap ayon sa layon at awdyens at nakabubuo ng presentasyong akademiko na gumagamit ng angkop na wika, organisasyon, at biswal na pantulong

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

IV. Panuto: Basahin at suriin ang sumusunod na datos. Pagkatapos, sagutin ang mga gawain na kasunod nito.

Paksa ng Pananaliksik:

Mga Paraan ng mga Mag-aaral sa Pagbabawas ng Plastik sa Paaralan

Paraan	**Bilang ng mga Mag-aaral**
Paggamit ng tumbler	40
Paggamit ng eco bag	30
Pagsesegregate ng basura	20
Pagre-recycle ng mga lalagyan	10

A. Ayusin ang Impormasyon

Panuto: Gamit ang mga impormasyong nasa itaas, bumuo ng mga bahaging nais mong ipakita sa iyong awdyens bilang iyong presentasyon.

Bahagi ng Presentasyon	**Sagot**
Paglalahad ng Datos	
Interpretasyon	
Kongklusyon	
Rekomendasyon	

B. Piliin Mo!

Anong biswal na pantulong ang pinakamainam gamitin upang maipakita ang datos?

☐ Bar Graph

☐ Pie Graph

☐ Infographic

Ipaliwanag ang iyong sagot.

_____

_____

_____

_____

GAWAING PAMPAGKATUTO

Larang ng Pagkatuto	Mabisang Komunikasyon		
Para sa Modelong Banghay-Aralin:	**9**	**Petsa:**	
Nilalaman:	Paglalahad ng mga resulta ng saliksik o imbestigatibong ulat sa pulong o kumperensiya gamit ang mga multimodal na presentasyon at angkop na akademikong wika.		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 4: **Tagapayo ng Komunidad**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang:
   a. nakikilahok sa kolaboratibong paghahanda at organisasyon ng presentasyon upang makamit ang kolektibong layunin; at
   b. nakapagninilay ng kahalagahan ng kolaborasyon at mabisang komunikasyon sa paglalahad ng mga resulta ng saliksik tungo sa higit na epektibong akademikong komunikasyon.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

IV. Panuto: Suriin at unawain ang mga datos na inilahad. Batay sa iyong pagsusuri, sagutin nang malinaw at makatwiran ang sumusunod na mga tanong.

Nais ng Sangguniang Kabataan na magsagawa ng programang pangkalikasan. Batay sa mga nakalap na datos, ikaw ay inatasang magbigay ng mungkahi.

Mga Alternatibong Ginagamit sa Halip na Single-Use Plastic

Kagamitan	**Bilang ng mga Tumugon**
Reusable Water Bottle	45
Eco Bag	30
Paper Bag	15
Reusable Food Container	10

Mga Tanong:

1. Ano ang ipinakikita ng mga datos?
2. Magbigay ng dalawang mungkahi para sa Sangguniang Kabataan batay sa mga datos na nasa talahanayan.
3. Bakit mahalagang nakabatay sa datos ang mga programa ng komunidad?

GAWAING PAMPAGKATUTO

Larang ng Pagkatuto	Mabisang Komunikasyon		
Para sa Modelong Banghay-Aralin:	9	**Petsa:**	
Nilalaman:	Paglalahad ng mga resulta ng saliksik o imbestigatibong ulat sa pulong o kumperensiya gamit ang mga multimodal na presentasyon at angkop na akademikong wika.		
Pangalan:		**Baitang:**	11

I. Gawain Bilang 5: **Ako ang Tagapaglahad!**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang nakikilahok sa kolaboratibong paghahanda at organisasyon ng presentasyon upang makamit ang kolektibong layunin

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

IV. Panuto: Ikaw ay kalahok sa isang **Youth Research Symposium**. Suriin ang sumusunod na datos at gamitin ang mga ito bilang batayan sa pagbuo ng isang **maikli at malinaw na presentasyon**. Tiyaking naipakikita sa iyong presentasyon ang mahahalagang resulta at implikasyon ng mga datos.

Mga Paraan ng Pamamahala ng Oras ng mga Mag-aaral

Paraan	**Bilang ng mga Mag-aaral**
Paggamit ng Planner	35
Paggawa ng To-Do List	30
Pagtatakda ng Iskedyul	20
Paggamit ng Mobile Applications	15

Bumuo ng sumusunod:

Paglalahad ng Datos

_____

_____

_____

_____

Interpretasyon ng Resulta

_____

_____

_____

_____

Kongklusyon

_____

_____

_____

_____

Dalawang Rekomendasyon

1. _____
2. _____

Repleksiyon

Bilang isang mag-aaral, bakit mahalagang malinaw at organisado ang paglalahad ng mga resulta ng saliksik?

_____

_____

_____

_____

GAWAING PAMPAGKATUTO

Larang ng Pagkatuto	Mabisang Komunikasyon		
Para sa Modelong Banghay-Aralin:	**10**	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pagrerekord ng naka-videong sanaysay o pasalitang pagtatanggol ng mga proyekto o tesis		
Pangalan:		**Baitang:**	**11**

I. Gawain Bilang 1: **Fact or Myth Check**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang nakasusuri ng mahahalagang konsepto, datos, at impormasyon tungkol sa pagbabago ng klima at pangangalaga sa kapaligiran.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

IV. Panuto: Basahin at suriin ang ibinigay na *infographic* tungkol sa *Climate Change* at Pangangalaga sa Kapaligiran. Tukuyin kung ang bawat pahayag ay **FACT o MYTH**. Pagkatapos, isulat ang ebidensiyang magpapatunay sa iyong sagot batay sa impormasyong nakapaloob sa *infographic*.



**Ang mga larawan at ilustrasyon ay nilikha ng may-akda sa tulong ng digital image generation tools.*

Pahayag	Fact o Myth	Ebidensya mula sa Teksto
1. Ang *climate change* ay dulot lamang ng natural na pagbabago ng panahon.		
2. Ang pagputol ng mga puno ay nakaaambag sa paglala ng *climate change*.		
3. Walang epekto ang simpleng pagtatapon ng basura sa kalagayan ng kapaligiran.		
4. Ang wastong segregasyon ng basura ay nakatutulong sa pangangalaga ng kapaligiran.		
5. Ang bawat mamamayan ay may mahalagang papel sa paglaban sa *climate change*.		

Pamprosesong Tanong

1. Aling pahayag ang lubos ninyong ikinagulat? Bakit?
2. Paano nakatutulong ang paggamit ng ebidensya sa pagtukoy kung f*act* o m*yth* ang isang pahayag?
3. Ano ang maaari ninyong gawin bilang kabataan upang makatulong sa pangangalaga sa kapaligiran?

GAWAING PAMPAGKATUTO

Larang ng Pagkatuto	Mabisang Komunikasyon		
Para sa Modelong Banghay-Aralin:	**10**	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pagrerekord ng naka-videong sanaysay o pasalitang pagtatanggol ng mga proyekto o tesis		
Pangalan:		**Baitang:**	**11**

I. Gawain Bilang 2: **Eco-Usap Tayo!**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang nakapagpapaliwanag sa kahalagahan ng pangangalaga sa kapaligiran sa antas ng barangay gamit ang angkop na wikang akademiko.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

IV. Panuto: Ipaliwanag ang kahalagahan ng pangangalaga sa kapaligiran sa bawat awdiyens sa ibaba. Isaalang-alang ang angkop na wika, tono, at paraan ng pagpapahayag ayon sa kanilang edad, katayuan, at pangangailangan.

Awdiyens	Paraan ng Pagpapahayag	Wika	Tono
1. Bata sa elementarya 			
2. Kapuwa mag-aaral 			
3. Punong Barangay 			
4. Mga magulang 			

**Ang mga larawan o ilustrasyon ay nilikha ng may-akda sa tulong ng digital image generation tools.*

Pamprosesong Tanong

1. Ano ang naging pagbabago sa inyong wika?
2. Paano nagbago ang iyong tono?
3. Bakit mahalagang isaalang-alang ang awdyens sa pakikipagkomunikasyon?

GAWAING PAMPAGKATUTO

Larang ng Pagkatuto	Mabisang Komunikasyon		
Para sa Modelong Banghay-Aralin:	**10**	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pagrerekord ng naka-videong sanaysay o pasalitang pagtatanggol ng mga proyekto o tesis		
Pangalan:		**Baitang:**	**11**

I. Gawain Bilang 3: **Maramihang Pamimilian**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang nasusuri ang mahahalagang konsepto, datos, at impormasyon tungkol sa pagbabago ng klima at pangangalaga sa kapaligiran.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

IV. Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat tanong. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang tumutukoy sa pangmatagalang pagbabago sa temperatura at karaniwang padron ng panahon sa mundo?
   A. Climate Change
   B. Polusyon
   C. Reforestation
   D. Waste Management
2. Alin sa sumusunod ang **HINDI** sanhi ng *climate change*?
   A. Pagputol ng mga puno
   B. Pagsusunog ng *fossil fuels*
   C. Polusyon mula sa mga pabrika
   D. Wastong segregasyon ng basura
3. Bakit mahalagang iangkop ang wika at tono ayon sa awdiyens?
   A. Upang humaba ang talakayan
   B. Upang maging pormal ang lahat ng usapan
   C. Upang maging malinaw at epektibo ang komunikasyon
   D. Upang makapagsalita nang mabilis at maunawaan ang sinasabi
4. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng responsableng paggamit ng *social media*?
   A. Pagbabahagi ng pekeng impormasyon
   B. Paglalagay ng sensitibong personal na datos
   C. Pagkopya ng post ng iba nang walang pagkilala
   D. Paggamit ng mapagkakatiwalaang impormasyon at paggalang sa *privacy*
5. Ano ang pangunahing layunin ng bidyong kampanya na *"Climate Watch PH: A Barangay Environmental Awareness Campaign?"*
   A. Magbigay ng libangan sa mga manonood.
   B. Magpalaganap ng kamalayan na pangalagaan ang kapaligiran.
   C. Magpakita ng mga tanyag na lugar sa barangay na dapat na maingatan.
   D. Magpakilala ng mga produktong pangkalikasan na makatutulong sa komunidad.